



UNIVERSITY CLINIC

Mas ligtas ang nakamask!

Bakit mas mabuting magsuot pa rin ng face mask kahit nasa labas?



1

Delikado ang sitwasyon ng COVID-19 para sa mga kababayan nating senior citizen at immunocompromised.

Marami sa ating mga kababayang nabibilang sa populasyong ito ay mahina ang immune system o mababa ang resistensya.

Ang ilan ay kasama pang naninirahan sa tahanan kaya delikadong mahawa sa COVID-19.



Required man o hindi, may mga kababayan pa rin tayong patuloy na magsusuot ng face mask, kahit saan.

Maraming dahilan para rito, kasama na ang adhikain ng DOH na base sa siyensiya at abiso ng health experts.



2

May sintomas ang ilan tulad ng ubo at sipon, at kailangang mag-ingat upang huwag makahawa ng kapwa.

Ang pagsuot ng face mask ay nagpapahiwatig ng malasakit at respeto para sa kalusugan at kabutihan ng kapwa.

Maraming sakit, kasama na ang COVID-19, ang napipigilan ang pagkalat dahil sa pagsusuot ng face mask.



3

Nagsisilbing mabuting halimbawa ang mga nakatatanda.

Mas madaling maiintindihan ng mga bata kung ano ang proteksyong dulot ng pagsuot ng face mask kung makakakita sila ng halimbawa sa nakatatanda.



4

Nakaugalian na at kagustuhan ang pagsuot ng face mask.

Marami na ring tao ang nasanay at naging kumportable na magsuot ng mask kapag nasa labas. Hindi masama ang mag-ingat.

